

*Aralin 19*

# "Huwag Kayong Magalit" (Part I)

*Mateo 5:21-26*

## Mga Layunin

- *(Head)* Sa pag-aaral na ito, makikita ninyo kung bakit ipinapantay ng Panginoong Jesus ang kaseryosohan ng galit tulad din ng pagpatay;
- *(Heart)* Pahahalagahan ninyo ang kaseryosohan ng paglaban natin sa galit na makasisira ng puso natin at ng relasyon natin sa Diyos at sa kapwa; at
- *(Hand)* Magkakaroon kayo ng personal na paglapit sa Diyos upang aminin at pagsisihan ang kasalanan natin sa pagkagalit at ipagkatiwala sa Diyos ang puso natin at ang taong napagbubuntunan natin ng galit.

## Panimula

1. Isipin ang isang taong nakagalit mo dati. Ano ang mararamdaman mo kung napatay mo ang taong ito dahil sa galit mo? Anu-ano ang tatakbo sa isip mo? Ano ang gagawin mo pagkatapos?

*Tulay sa Pag-aaral:* Sa magiging reaksiyon natin, *obvious* naman na alam nating karumal-dumal na krimen ang *murder* o intensiyonal na pagpatay ng isang tao. Isang mabigat na kasalanan ang pumatay! Pero paano kapag hindi ka nakapatay, pero naroon pa rin ang galit mo? Seseryosohin mo ba ang problema mo o babalewalain lang? Ano kaya ang masasabi ng Panginoong Jesus tungkol dito? [Basahin ang Mateo 5:21-26.]

## Pagsasaliksik

2. [Basahin ang verses 21-22.] Mayroon din bang galit na matuwid at nagbibigay karangalan sa Diyos? Patunayan. Kung mayroon, karaniwan bang ganito ang galit natin? Bakit o bakit hindi?

3. Anu-ano ang pagkakaiba ng pagpatay at galit? Anu-ano naman ang pagkakatulad nito?

4. Paanong ang galit ay maituturing na kasalanang dapat labanan maging nating mga Cristiano na, ayon sa sinasabi ng Panginoon sa verse 22? [Maaari ring tingnan ang Marcos 7:21-22.]

5. Mula verse 21 hanggang 44, anim (6) na beses ginamit ng Panginoong Jesus ang "Narinig ninyo...ngunit sinasabi ko sa inyo…" Ano sa tingin mo ang nais niyang ipahiwatig dito tungkol sa pagtingin natin sa pagsunod sa Diyos o pag-iwas sa kasalanan? [Maaari ring tingnan ang v. 20.]

6. Sa verse 22, ano ang pananagutan natin sa kapwa at sa Diyos dahil sa galit? Ano ang binibigay na babala sa atin ng Panginoong Jesus dito? [Maaari ring tingnan ang 1 Juan 3:15 at Pahayag 21:8.]

7. Ano sa tingin mo ang kaibahan ng pagtingin o *attitude* natin sa galit kung ikukumpara sa pagtingin ng Panginoong Jesus dito? Kung ito ay kasalanan na pananagutan natin sa Diyos, ano ang dapat nating gawin ukol dito?

8. [Basahin ang verses 23-24.] Sa tingin mo, bakit makasisira sa relasyon natin sa Diyos o sa ating buhay pagsamba ang pagkakaroon ng galit o alitan sa ating kapwa, lalo na sa kapatid natin sa Panginoon? Kung gayon, ano ang dapat nating gawin?

9. [Basahin ang verses 25-26.] Maaari ba nating pagtagalin ang galit natin? Bakit? [Maaari ring tingnan ang Efeso 4:26 at Santiago 1:15.]

## Pagsasabuhay

9. [Papikitin ang lahat sa grupo at magkaroon ng sandaling katahimikan.] Pakinggan mong mabuti kung ano ang sinasabi ng Diyos ngayon sa iyo. May galit ka ba ngayon sa isang tao o maging dati man ngunit hindi mo pa naidulog sa Diyos? Aminin mong nagkasala ka at mahina ka upang labanan ang galit na ito. Hilingin mo sa Diyos ang pagkilos sa puso mo at sa taong nakagalit mo. Sabihin mo sa kanyang nagtitiwala ka sa kanya at sa kanyang mga pangako.

*Key Idea:* Ang kamandag ng galit ay maaaring pumatay sa atin, at makasira ng relasyon natin sa Diyos at sa kapwa. Kaya dapat nating agad na patayin ang galit sa ating mga puso sa pamamagitan ng ibayong pagtitiwala sa Diyos.

*Power Verse of the Week:* "Narinig ninyo na iniutos ng Diyos sa inyong mga ninuno, 'Huwag kang papatay; ang sinumang pumatay ay mananagot sa hukuman.' [22]Ngunit sinasabi ko naman sa inyo, ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman…" (Mateo 5:21-22a)